Abiso sa mga Manggagawa ng Hotel tungkol sa Ordinansa sa Minimum na Sahod sa mga Manggagawa ng Hotel sa Buong Lungsod

Ang Tagapag-empleyo na Hotel na ito ay napapailalim sa Ordinansa sa Minimum na Sahod sa mga Manggagawa ng Hotel sa Buong Lungsod (Citywide Hotel Worker Minimum Wage Ordinance, CHMWO) sa ilalim ng Seksyon 186.00 ng Los Angeles Municipal Code (LAMC).

Minimum na Sahod ng Manggagawa ng Hotel sa Buong Lungsod
Rate Simula Hulyo 1, 2026
$25.00 KADA ORAS

Kinakailangang bayaran ng Tagapag-empleyo na Hotel na ito ang mga Manggagawa ng Hotel ng minimum na sahod. I-aadjust ang minimum na sahod kada taon alinsunod sa Seksyon 186.02.A ng LAMC.

Petsa ng Pagiging Epektibo:	Pagiging Naaangkop*	Sahod Kada Oras
9/8/2025	Mga hotel na may 60 o higit pang kuwarto	$22.50
7/1/2026	**Mga hotel na may 60 o higit pang kuwarto**	**$25.00**
7/1/2027	Mga hotel na may 60 o higit pang kuwarto	$27.50
7/1/2028	Mga hotel na may 60 o higit pang kuwarto	$30.00

* Alinsunod sa Seksyon 186.01.C. ng LAMC, ang mga Hotel na may 50 o higit pang mga guest room na matatagpuan sa loob ng Airport Hospitality Enhancement Zone (AHEZ) ay saklaw ng Ordinansa.

Pagbabayad ng Benepisyo sa Kalusugan
Rate Simula Hulyo 1, 2026
$8.15 KADA ORAS

Ang Tagapag-empleyo na Hotel na ito ay kinakailangang magbigay ng bayad kada oras tungo sa pagkakaloob ng mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa ilalim ng Seksyon 186.04 ng LAMC. Ang rate ng mga benepisyo sa kalusugan ay i-aadjust kada taon alinsunod sa Seksyon 186.04.E ng LAMC. Ito ang inyong mga karapatan:

$25.00/oras bukod pa sa hindi bababa sa $8.15/oras tungo sa pagkakaloob ng mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Ang mga benepisyo sa kalusugan ay kinabibilangan ng pagsaklaw sa kalusugan, dental, paningin, pangkaisipang kalusugan, at kita sa kapansanan. **O** **$25.00/oras bukod pa sa $8.15/oras = $33.15/oras para sa mga Manggagawa ng Hotel na walang mga benepisyo sa kalusugan na ipinagkakaloob ng tagapag-empleyo.**
Kung ang rate ng binabayad na benepisyo sa kalusugan ng Tagapag-empleyo na Hotel kada oras ay mas mababa sa $8.15/oras, ang kaibhan ay ibabayad sa Manggagawa ng Hotel bilang karagdagang sahod kada oras.
Ang mga benepisyo sa kalusugan ay hindi kinakailangan na bayaran sa mga oras ng overtime.
Ang isang Manggagawa ng Hotel ay maaaring humiling na ipaubaya ang mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan kung sila ay karapat-dapat para sa mga benepisyo sa ilalim ng ibang plano alinsunod sa LAMC 186.10.C.

Bilang isang nasasaklaw na entidad sa ilalim ng Titulo II ng Batas kaugnay ng mga Amerikanong may Kapansanan (Americans with Disabilities Act), ang Lungsod ng Los Angeles ay hindi nandidiskrimina batay sa kapansanan at, kapag hiniling, ay magbibigay ng makatuwirang kaluwagan para matiyak ang pantay na akses sa mga programa, serbisyo, at aktibidad nito.

Abiso sa mga Manggagawa ng Hotel tungkol sa Ordinansa sa Minimum na Sahod sa mga Manggagawa ng Hotel sa Buong Lungsod (Citywide Hotel Worker Minimum Wage Ordinance, CHMWO)

Pahinga Mula sa Trabaho (Time Off)

Ang mga Tagapag-empleyo na Hotel ay dapat magkaloob sa mga full time na Manggagawa ng hindi bababa sa 96 na oras na pahinga na may bayad kada taon at pahintulutan ang hindi bababa sa 80 karagdagang oras ng pahinga na walang bayad na gagamitin kada taon alinsunod sa Seksyon 186.02.B ng LAMC.

Ang isang part-time na Manggagawa ng Hotel ay makakaipon ng oras ng pahinga na may bayad sa mga pagtaas na proporsyon sa naiipong oras ng isang tao na nagtatrabaho nang 40 oras kada linggo, alinsunod sa Seksyon 186.02 B.1.(b) ng LAMC.

Mga Pangkalahatang Panuntunan para sa Pahinga mula sa Trabaho (Time Off):

Dapat karapat-dapat ang Manggagawa ng Hotel na gamitin ang naipon na may bayad at walang bayad na pahinga mula sa trabaho pagkatapos ng **unang anim na buwan ng trabaho** o alinsunod sa mga patakaran ng kumpanya, alinman ang mas maaga.
Hindi maaaring hindi makatwirang tanggihan ng Tagapag-empleyo na Hotel ang kahilingan ng Manggagawa ng Hotel na gamitin ang may bayad o walang bayad na naipong pahinga mula sa trabaho.
Ang hindi nagamit na naipong **may bayad** na pahinga mula sa trabaho ay idadagdag (carry over) hanggang sa umabot sa **maximum na 192 oras**, maliban kung mas galante ang naitaguyod na patakaran ng Tagapag-empleyo na Hotel.
Ang hindi nagamit na naipong **walang bayad** na pahinga mula sa trabaho ay idadagdag (carry over) hanggang umabot ang pahinga mula sa trabaho sa **maximum na 80 oras**, maliban kung mas galante ang naitaguyod na patakaran ng Tagapag-empleyo na Hotel.
Pagkatapos umabot ng Manggagawa ng Hotel sa maximum na naipong may bayad na pahinga mula sa trabaho, magbibigay ng bayad na cash ang Tagapag-empleyo na Hotel isang beses kada 30 araw para sa naipong may bayad na pahinga mula sa trabaho na lampas sa maximum.
Hindi maaaring magpatupad ang Tagapag-empleyo na Hotel ng anumang patakaran sa pag-eempleyo para bilangin ang walang bayad na pahinga mula sa trabaho na kinuha sa ilalim ng artikulong ito bilang pagliban na maaaring magresulta sa pagdidisiplina, pagpapatalsik, pagsususpinde, o anumang iba pang hindi magandang aksyon.

Mga Service Charge

Dapat bayaran ng Tagapag-empleyo na Hotel na ito ang lahat ng Service Charge sa (mga) Manggagawa ng Hotel na nagsasagawa ng mga serbisyo para sa mga customer na siyang pinagkuhanan ng mga Service Charge. Ang mga halaga ay babayaran sa (mga) Manggagawa ng Hotel nang pantay-pantay at alinsunod sa mga serbisyo na nauugnay sa deskripsyon ng mga Service Charge na ibinibigay ng Tagapag-empleyo na Hotel sa customer (LAMC SEC 186.03).

Kredito sa Buwis (Tax Credit)

Maaaring karapat-dapat mag-apply para sa Federal Earned Income Tax Credit (EITC) ang mga Manggagawa ng Hotel. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa EITC at pagkuha ng mga form, kontakin ang Earned Income Tax Credit Hotline: 1-800-829-1040.

***

Ang mga tagapag-empleyo sa Los Angeles ay napapailalim sa lahat ng mga batas ng lokal, estado, at pederal patungkol sa minimum na sahod at mga pamantayan para sa trabaho at mga manggagawa.

***

Ang CHMWO ay ipinapatupad ng Bureau of Contract Administration Office of Wage Standards (OWS) alinsunod sa Seksyon 188.00 ng LAMC.

Para sa higit na impormasyon, kontakin ang Office of Wage Standards sa 1-844-WAGESLA (924-3752) o mag-email sa wagesla@lacity.org o bisitahin ang http://wagesla.lacity.gov/